# Pagbalangkas - Paghulma ng Tanong: Usaping Nasyonalismo, Pagkakakilanlan at Post-Colonial sa Paglinang ng Arkitekturang Filipino

**Edson Roy G. Cabalfin**

"As nationalism in general promotes freedom, so must nationalism in architecture foster creative freedom. The genius of a nation can be expressed not only in one form or in a few forms, but in a wealth of forms… A distinctive contemporary Philippine architecture can emerge only from the architect's expanded and deepened awareness of the architectural heritage of his country and from his empathy with the people whom his buildings serve."[i]


## Abstrakto

*Ang tanong na "Ano ang Arkitekturang Filipino?" ay matagal nang lumulutang sa ilang bahagi ng industriya at akademya ng arkitektura sa Pilipinas. Bagaman at ilang dekada na ang lumipas, tila wala pa ring kasagutan ang nagtatamo. Dahil sa hindi pa ito nasasagot, wala nga ba tayong maituturing na "Arkitekturang Filipino"?*

*Nakaugat ang papel na ito sa haka na ang tanong na iyon ay may malalim na ugnayan sa usapin ng nasyonalismo. Kung kaya't, ang nananaig na konsepto o pilosopiya ukol sa kinakailangang matamong nasyonalismo sa arkitektura, ang siyang humuhulma sa pagsagot sa tanong. Dahil nga rito, ang mismong pumapaimbabaw na particular na konsepto ng nasyonalismo ang pinaniniwala ang ugat ng hindi pag-usad ng usapin ng pagkakakilanlan sa arkitektura. Palagay ng papel na ito na mayroong kinakailangang pagbabago ng pilosopiya at perspektiba ukol sa kung ano ang dapat matamo sa larangan ng arkitektura sa panghinaharap na panahon.*

*Isinawalat ng papel na ito ang dialektikal na ugnayang nagaganap sa konteksto ng mga usapin ng nasyonalismo at pagkapostcolonial at ng tanong ukol sa pagkakakilanlang Filipino sa arkitektura. Pinagtuunan ng pansin ng papel na ito ang mga ugat na batayan, suliranin at implikasyon ng mga tanong na iyon ayon na rin sa dinamikang nagaganap ng kontemporaryong arkitektura sa Pilipinas. Hinahangad ang pagbalangkas ng alternatibong kritikal na pananaw at lapit ukol sa paglinang ng pagkakakilanlan ng Arkitekturang Filipino, sa konteksto pa rin ng mga kontemporaryong usapin ng globalisasyon at rehiyonalismo.*


## Paglalatag

### Pagpinta ng Sitwasyon: Arkitektura, Kasaysayan, Pagkakakilanlan

Sa kasaysayan ng pagbubuo ng bansa, nagiging bahagi ng landas ng kanyang pagtuklas ng sarili ang pagbubuo ng kanyang pagkakakilanlan. Parang tao, tulad ng pagsailalim ng isang identity crisis, ang isang bansa ay kinakailangang sumailalim din sa isang proseso ng pagtuklas. Ang pagtuklas ng kanyang identidad at ang kanyang kinalalagyan sa kamunduhan ay madalas na nagiging tema ng gayong paghahanap. Hindi kaiba ang sitwasyon ng Pilipinas. Sa dahilang ang bansang Pilipinas ay maituturing na musmos pa lamang (isang daang taon pa lamang, sa katunayan), dumaan ang sambayanan sa isang maikling panahon upang kanyang mahanap ang kanyang "pagkabansa" bilang isang identidad. Dahil na rin sa nakakabit ang kultura sa pagbubuo ng identidad ng isang bansa, kadalasang nagiging kaugnay pa rin ang mga katanungan ng identidad sa mismong pagbubuo ng kultura ng bansa. Kung kaya't, nagiging bahagi ng usaping cultural ang paghanap na iyon. Hindi nakalalayo ang arkitektura mula sa mga usapin ng pagkakakilanlan. Sa katunayan, nagiging bahagi na ang arkitektura sa paghahanap ng pambansang pagkakakilanlan dahil na rin sa ang arkitektura ay isang malinaw at klarong manipestasyon ng kultura. Hinahanap ang konkretong katangian ng identidad sa arkitektura dahil sa nakikita ang arkitektura bilang manipestasyon ng gayong kultura.

Ang paghahanap ng pambansang pagkakakilanlan sa arkitektura ay napapaloob sa katanungang, "Ano ang Arkitekturang Filipino" o "Mayroon ba tayong naituturing na Arkitekturang Filipino." May mahabang tradisyon na ang gayong paghahanap ng kasagutan. Subalit, dahil sa tila walang nakakasagot sa tanong na ito, marami ang nawawalan tuloy ng interes at pag-asa sa kung ano nga ba ang ating pagkakakilanlan. Dahil nga ba sa walang sagot, wala na nga ba tayong identidad? Dahil na nga ba sa hindi matanto ang katugunan ng kwestyon, nanatiling isa itong pangarap, patuloy pa ring hinahanapan ng katugunan. Ang tila hindi pagkakaroon ng kasagutan, o ang hindi pagkakaroon ng iisang pananaw na pinaniniwalaan ng nakararami, ay nagkakaroon ng implikasyon hindi lamang sa kasalukuyang henerasyon ng mga Pilipino kundi sa susunod na henerasyon. Dahil sa hindi nakikita ang gayong pag-unawa sa sariling pagkakakilanlan, maaaring mabigyan ng maling mensahe ang mga kabataan na wala tayong sariling pagkakakilanlan. Sa madaling salita, hindi nabibigyan ang kabataan ng posibleng pamamaraan ng pagtuklas ng kanilang identidad.

Sisikapin ng papel na ito na tuklasin ang mga hakang pumapailalim sa katanungang "ano ang arkitekturang Filipino?" Bibigyang linaw ang may potensyal na suliranin ng gayong mga haka, bigyan ng alternatibong pag-unawa, at payabungin ang usapin ng pagkakakilanlan sa ibayong kritikal na lapit. Sa pamamagitan ng pamamaraang iyan, inaasam na makakausad na tayo sa usapin ng pagkakakilanlan sa arkitekturang Filipino.

# Nasyonalismo at Postcolonial sa Arkitektura

## Ang Dinamika ng Nasyonalismo: Iba't Ibang Kahulugan at Kabuluhan

Marami na rin ang nagiging talakayan ukol sa usapin ng nasyonalismo. Ilan na ang nagsasabi na ito ay isang damdamin, isang kamalayan, isang inspirasyon, isang paninindigan, ang konsensyang pambansa, ang pangunahing birtud ng isang mamamayan o dili kaya'y ang pagpapamalas ng pambansang kaluluwa[ii]. Para sa iba, ang nasyonalismo ay isang kaisipan, isang konsepto, isang pagbubuong intelektwal, isang kalagayan ng kaisipan, isang pamamaraan ng pamumuhay, ang buhay ng lipi[iii]. Sa iba pa ring pagkakataon, ipinapahayag ang nasyonalismo bilang isang puwersa, isang kapangyarihan, isang aksyon, isang kilusan ng mamamayan[iv].

Sa pagkakaiba ng kaisipan at kahulugan ukol sa nasyonalismo, makikita rito ang pagkiling ng taong nagbibigay ng kahulugan. Ang saysay ng mga kaisipang ito ay ayon na rin sa particular na kulay sa pagtingin ng usapang ito. Sa iba nakikita ang nasyonalismo bilang isang political na usapin, tinatawag na nasyonalismong political. Dito, ang usapin ay nakatuon sa pagbubuo ng *nation*/ bansa. Magkakawing ang konsepto ng nasyonalismo sa kahulugan ng *nation* dahil sa nakikita ang pag-angat ng damdaming pagkabansa sa kung paano nabubuo ang bansa mismo[v]. Ang *nation* ay nanggaling sa katagang Latin na *nasci*, nangangahulugang "to be born" at mula sa *nationem*, Latin ding salita, na ang ibig sabihin naman ay "breed or race"[vi]. Sa mga unang pakakahulugan nga salitang *nation*, lumilitaw ang usaping pagiging bahagi sa isang lipi. Isa itong "damdaming may malakas na pag-uugnay sa *ethnie*"[vii]. Subalit sa paglipas din ng panahon nababago ito. Partikular sa karanasang Europeo ang kahalagahan ng pagbubuo ng nation-state/ bansa bilang katalista sa paglunsad ng pagbabago, na nang lumaon ay nagbunga bilang isang political na ideolohiya[viii]. Sa Asya, nagiging iba pa rin ang kabuluhan ng nasyonalismo, ayon sa political na kulay, dahil nakikita naman ito bilang katugunan at paglaban sa puwersang kolonyal na pumasok sa bansa[ix].

Mahalaga pa ring tingnan natin ang konsepto ng nation o nasyon, dahil sa kaugnay nga ang nasyonalismo sa pagbubuo nito. Hindi rin iisa ang depinisyon ng nation. Masdan ang sipi mula sa Dictionary of International Relations:

"a social group which shares a common ideology, common institutions and customs, and a sense of homogeneity. Nation is difficult to define so precisely as to differentiate the term from such other groups as religious sects, which exhibit some of the same characteristics. In the nation however, there is also present a strong group of *sense* of belonging associated with a particular territory considered to be peculiarly its own." [x]

Sinasabi ni Connor, na sentral sa depinisyon ding ito and sikolohikal na katayuan bilang mahalaga, ang pagkakaroon ng *sense* o damdaming pagiging bahagi ng isang grupo. Isa itong sikolohikal na phenomenon, samakatuwid[xi]. Makikita ang pakikiisang ito sa pamamagitan ng pagkakaisa sa kasaysayan, hangarin, pagpapahalaga at kalinangan[xii]. Sa kabilang dako, ipinaliwanag ni Joseph Stalin[xiii] ang mga kinakailangang salik o elemento upang makabuo ng isang bansa. Ayon sa kanya mahalagang magkaroon ng isang karaniwang wika, isang karaniwang kabuuang sikolohikal. Para sa kanya, kailangang kumpleto ang mga salik na ito upang makabuo ng bansa. Para nga kay Menicke, iba pa rin ang nasyong political (*Staatnation*) kaysa nasyong cultural (*Kulturnation*)[xiv].

Bukod pa rin sa political na simulain ng nasyonalismo, mayroon din nakikita na ibang aspeto ang nasyonalismo bilang isang penomenong kultural. Kung ang politikal na nasyonalismo ay may kaugnayan sa konsepto ng *nation* bilang isang politikal na teritoryo at gobyerno, ang kultural na nasyonalismo ay may kaugnayan naman sa sikolohikal na pangangailangan ng mamamayan na umugnay sa isang pamayanan o grupo[xv]. Para sa mga nasyonalistang cultural, nakikita nila ang pagbubuo ng bansa hindi bilang isang kaganapang politikal, bagkus ay manipestasyon ng pagbubuo ng kalinangan ng isang bansa. Samakatuwid, isa itong resulta ng penomenon ng kultura at kasaysayan[xvi]. Kung ang politikal na nasyonalismo ay nakatuon sa karapatang pampamayanan sa politikal na aspeto, ang mga cultural na nasyonalista ay naiiba dahil sa hangarin naman nilang kabuuuang pangkabihasnan[xvii].

## Nasyonalismong Filipino: Ibayong Pagbibigay Kahulugan ng Nasyonalismo

Bukod pa rin sa isang pangkalahatang depinisyon ng nasyonalismo sa isang Europeo-Amerikanong pananaw, marapat din namang tingnan ang nagiging aspeto nito sa karanasang Filipino. Sa pagtalakay ni Jose V. Abueva sa monumental na aklat ukol sa Nasyonalismong Filipino, kaniyang isinala ang iba't ibang pananaw ukol sa nasyonalismo, particular sa kontekstong Filipino. Nakita niya ang apat na pangunahing pagbubuklud-buklod na kaisipan[xviii]:

*Una*, ipinakita ang nasyonalismong Filipino bilang matindi at taimtim na pagmamahal sa inang bayan. Ang inang bayan ay nakikita bilang manipestasyon at representasyon ng ating bansa at bayan. Bagaman mayroong pagkakaiba sa mga probinsya, mas nakikita ngayon ng mga Filipino ang sarili nila bilang bahagi ng isang mas malawak na bansa. Ang pagkilala sa sarili bilang isang mamamayan ng bansang Pilipinas ay isang positibing damdamin ng patuloy na pagtulong at pagsilbi sa inang bayan.

*Ikalawa*, itinanghal ang nasyonalismong Filipino bilang Ideolohiya at Programa ng Pagkilos. Bukod sa nasyonalismo

bilang pagmamahal, ang nasyonalismo ay nakikita bilang may politikal na pagkiling – nakikita bilang isang programang pang-ideolohiya. Ibig sabihin nito, ang nasyonalismo ay ginagamit bilang pundamental na kaisipan sa pagpapatupad ng programang pampamahalaan. Ito ay nagsisilbing gabay para sa anumang aksyon na kinakailangang ipatupad tungo sa pambansang pagsulong. Isa rin itong gabay sa politikal na pagbubuo ng kaisipan ukol sa Pilipinas bilang bansa.

*Ikatlo*, ipinamalas ang nasyonalismong Filipino bilang Kilusan sa Pagsulong ng Bansa. Bilang kilusan, ang nasyonalismo ay maaaring umako ng kaanyuan ng malay na ideolohiya o mga maliit na mga gawain tungo sa pagpupunyagi tungo sa kasaganahan. Maaaring hindi umayon sa mga partikular na ideolohiya, and nasyonalismo ay nauunawaan din bilang mga programa sa pagsulong ng bansa. Ito ay isang kilusang kumikilala sa demokratikong pamamaraan, pangkalahatang hustisya at karapatan, pagpapalaganap ng kakayahan, maging ang malay na pagtuligsa sa mga kolonyal na istrukturang nanatili sa bansa. Umiigting, samakatuwid, ang pagpapaimbabaw ng pambansang hangarin sa lahat ng iba pang layunin.

*Ikaapat*, ipinahiwatig ang nasyonalismong Filipino bilang Pambansang Kamalayan. Tumutukoy sa pagbubuo ng isang pambansang kamalayan – kamalayan ukol sa sarili bilang Pilipino. Hinihiling ang isang malay na pagbabago. Hindi sapat ang pagsasawalang-bahala, bagkus ay nakikita ang pagkaligalig ng pag-unawa ukol sa sarili. Bumubuo ng sariling pamantayan at batayan ayon sa sariling konteksto. Nagsasagawa ng pagtatasa ng mga nakagawian na, upang malaman ang kabuluhan nito sa ngayon. Ito ay isa pa ring positibong disposisyon sa pag-unawa ng bagay-bagay na magiging makabuluhan at kapaki-pakinabnag para sa bansang Pilipinas at sa mga Pilipino.

Sa pamamagitan ng mga pakakahulugang nabanggit, nagkakaroon nang sariling pagpapaliwanag ukol sa kung ano ang nasyonalismo sa mga Filipino. Mula sa iba't ibang kahulugan, ating mahihinuha na kalikasan ng nasyonalismo. At mula rin sa gayong mga kahulugan, lubos pa ring nagiging mayaman at dinamika ang pagbibigay ng saysay at sa tuluyang pag-unawa ng nasyonalismo.

## Problematisasyon ng Nasyonalismo: Mga Kaganapang Kultural at Homogenisasyon

Pinakita ni Roxas-Tope [1998] ang ilan sa mga nagiging suliranin ng usapin ng nasyonalismo, kaugnay sa kontekstong Asyano. Sa dahilang ang kaisipang nasyonalismo ay bunga ng kaganapang historical sa Europa (sinasabi ng iba na lumabas daw ito noong huling kalahating bahagi ng ika-18 siglo[xix]), iba pa rin ang nagiging kaganapan sa Asya. Dahil na rin sa magkatulad na karanasang kolonyal ng mga bansang Asyano, nagiging magkatulad din ang nagiging pagbubuo ng nasyonalismo dito[xx]. Bagama't mayroong paglaban at katugunan sa puwersang kolonyal, kadalasan ang mga itinuturing na *bourgeoisie* ang pumapalit, at siyang nagpapatuloy ng sistemang mapaniil ng mga kolonisador. Aniya:

"It would renew and strengthen ties with the colonial center, perpetuating old colonial structures, while gradually turning inward as it accumulated power and wealth, losing its fragile ties with the masses whose exploration would continue unabated despite independence."[xxi]

Nangangahulugan, ang sariling mamamayan ng bansa ang siyang nagpapalaganap ng mapaniil na mga operasyon at sistema. Kadalasan, itinatago ang mga operasyong ito sa likod ng mga "programang pambansa."[xxii] Kaakibat din, kadalasanang pagnanasa ng "pagkakaisa" bilang isang sistema ng homogenization. Dito, inaasam ang pagkakaroon ng "iisa" na kasaysayan, kultura, pagkakakilanlan, hangarin bilang integral sa "programang pambansa." Ano ngayon ang nangyayari? Bakit ito nagiging masama? Dahil sa mayroong "iisa" na idealisasyon na itinatakda, lahat ng hindi umaayon sa gayong mga pantayan ay isinasantabi. Ang sinuman o anuman ang hindi umaayon ay hindi na, halimbawang maituturing na Filipino, kapag hindi ito sumusunod sa kategorya ng pagiging Filipino. Kaugnay sa homogenisasyon na ito ang kulturang sinasabi na "pambansang kultura". Wika nga ni Ernest Gellner sa kanyang papel na "Nationalism and High Cultures" [1983], nakikita niya ang nasyonalismo bilang pagpataw ng isang kulturang kadalasang dayuhan o taliwas sa mga aktwal na kutlturang kaganapan. Banggit niya:

"The basic deception and self-deception practiced by nationalism is this: nationalism is, essentially, the general imposition of a high culture on society, where, previously low cultures had taken up the lives of the majority, and in some cases of the totality, of the population. It means that generalized diffusion of a school-mediated, academy-supervised idiom, codified for the requirements of reasonably precise bureaucratic and technological communication. It is the establishment of an anonymous, impersonal society, with mutually substitutable atomized individuals, held together above all by a shared culture of this kind, in place of a previous complex structure of local groups, sustained by folk cultures reproduced locally and idiosyncratically by the micro-groups themselves. This is really what happens."[xxiii]

Ang pagpataw ng "iisang pambansang kultura" ang siyang nagiging madalas na sigaw ng mga nasyonalista. Ang diskurso ng nasyonalismo, sa pagkakataong iyon, ay umaasa sa pagbubuo ng iisang kultura kung saan ang iisang pambansang pagkakakilanlan ay uusbong[xxiv]. Dahil sa iisang identidad na inaasam, walang lugar sa anumang pagkakakilanlan na hindi tumutugma sa pambansang identidad. Wika nga ni Roxas-Tope:

"The totalized identity tends to eschew any form of alterity or malformation. It is capable of imposing a silence and an

invisibility on carriers of difference by persecuting them or by constructing them as aberrants. Totalizing can be a violent, invasive form of othering which may result in psychological trauma or internal/ external exile"[xxv]

Ang operasyon ng "othering" o ang pagsasantabi ay nagaganap sa anumang identidad na hindi umaakma sa idealisasyong pambansaang iyon. Sa pagsasantabi, ang itinuturing na hindi tugma, hindi bahagi, taliwas, kumokontra, nasa labas, isang kontradiksyon ang mga bagay-bagay na inilalagay natin sa kategoryang "other." Nagiging masama ang gayong operasyon dahil sa mayroong naitatakdang nakapribilehiyo. Nagiging elitista ang gayong pananaw.

Nagiging malinaw ang pagpapalaganap ng isang "homogenized" na kultura noong panahon ng dating pangulo Ferdinand Marcos. Sa kanyang programang *New Society*, itinalaga niya ang isang pangitain ukol sa kung "ano dapat" ang pambansang lipunan. Binanggit ni Teresita Maceda:

"The imposition of Martial Law in 1972 did not put a stop to the process that had already begun. However, a dictatorship eager to find the means for its legitimation, grabbed the initiative and clothed it in the nationalist vocabulary… This ideology called the "Filipino Ideology" had its avowed objective of drawing out of the Filipinos "the beautiful, the noble, the good". Under the Marcos dictatorship, the search for national identity and culture became the search for the "maharlika" qualities of the Filipinos."[xxvi]

Nasangkot sa loob ng diskurso ng pambansang lipunan ang ukol sa kultura. Isa sa halimbawang itinalagang institusyon ay ang Cultural Center of the Philippines kung saan mayroong particular na identidad ang ninais na maipalaganap, ika nga isang "mataas at dakila" na kulturang maaaring makipagtagisan sa iba pang dakilang kultura at sibilisasyon ng mundo. Nilayon ang CCP, samakatuwid, bilang isang "sisidlan at tanghalan ng pamanang cultural"[xxvii]. Ang hinahangad na "pambansang kultura" ay isang programang nagmumula sa "itaas" o sa pambansang institusyon at pamahalaan, at hindi mula sa "ibaba" o sa tao at pamayanan mismo.

"From the seventies to the nineties, therefore, the state (from the authoritarian regime of Marcos, to the democratic centrist governments of Cory and Ramos) was disseminating its own understanding of the Filipino identity and vision of the Filipino nation and passing these oss as absolute and true for all Filipinos for the entire country."[xxviii]

Iisang kulturang Filipino para sa lahat ng Filipino sa buong Pilipinas, wika nga. Dahil sa ito ay programang pampamahalaan, naisantabi ang nakararami at mayoriya. Ang pagbubuo ng desisyon ay nagmumula sa pambansang antas, at ipinapatupad sa local na antas. Hindi nagiging matagumpay ito dahil sa ang pagdedesisyon ay nawala sa mismong mga tao at pamayanan na kinauukulan ng mga programa. Nabanggit din nga na "…*we have shown that for culture to be meaningful cannot be dictated from above, but must be an organic response to the people's needs and lived experiences."*[xxix]

Kaugnay pa rin sa usapin ng "othering" ay ang talakayin ukol sa intensyonal na pagkukumpara sa iba pang identidad upang matakda ang sariling pagkakakilanlan. Para kay Edward Said, sa kanyang aklat na *Orientalism*, ang pagbubuo ng identidad ng Europa ay nakakawing at nakasalalay sa identidad ng Oriente, ang kabila, ang "other" ng Occidentale. Kinailangan ang pag-iiba na ito para sa mga taga-Europa upang lubos nilang matiyak ang kanilang sariling pagkakakilanlan[xxx]. Ang pagbubuo ng identidad dito ay ang pagbubuo ng kontradiksyon. Katulad din ang ilang kaganapan ng pagbubuo ng identidad bilang pagtatakda ng kaibahan ng sarili mula sa iba. Madalas nating madinig na ang Pilipino ay bukud-tangi sa ibang lipi dahil sa kanyang kakaibang katangian. Samakatuwid, ang pagbubuo ng sariling identidad ay umaayon sa pagkakaiba ng mga katangian ng sarili. Binubuo ang "other" o ang kabila upang unawain ang sarili. Bagaman kadalasang nagiging epektibo ang gayong operasyon, nagkakaroon ng prolema sa kung anong pamantayan ang ating ginagamit. Sa dahilang ang "kabila" ang palaging sukatan, marami sa mga katangian ang nawawala dahil sa hindi rin ito sumusunod sa pamantayan ng "kabila." Kung kaya't, ang pagkatao natin ay ayon sa batayan ng pagkatao ng iba. Kinakailangan pa rin ang pagbuo ng sariling pamantayan.

## Usaping Postcolonial: Kaisipan at Kabuluhan sa Kontemporaryong Diskurso

Dulot ng karanasang kolonyal at ang kadalasang mapaniil na dulot nito, nagiging natural ang paghanap ng ibayong kaparaan kung paano tutugunan ang gayong puwersa. Kinailangan ngayon ng alternatibong pananaw at diskurso na maaaring lumigtas sa tila walang pag-asang sitwasyon ng mga nakolonisa. Papasok ngayon ang Diskursong Postcolonial. Ang mga pag-aaral ayon sa usaping postcolonial ay sinasabi na umuusbong at may malaking pag-ugnay sa usaping colonial. Kung mayroong isang damukal na depinisyon ang nasyonalismo, mayroon din ilang pakakahulugan ang postcoloniality. Subalit para sa pag-aaral na ito, mas gagamitin ang depinisyon na ipinahayag ni Ania Loomba [1998]. Aniya, ang salitang postcolonial ay makikita sa dalawng aspeto: una, ang salitang *post* ay nagbabadya ng kapanahunang matapos ang kolonyal na karanasan; ikalawa, ang *post* sa kataga ay tumutukoy rin sa pag-alpas ng usaping kolonyal[xxxi]. Wika pa niya:

"It has been suggested that it is more helpful to think of postcolonialism not just as coming literally after colonialism and signifying its demise, but more flexibly as the contestation of colonial domination and the legacies of colonialism"[xxxii].

Mahalaga para sa atin, sa aking palagay, ang operasyon ng pag-alpas at ang pagbatas tungo sa mga usapin ukol sa kung paano natin maaaring kwestiyunin at hamunin ang mga istrukturang kolonyal na nananatili pa rin sa ating bansa kahit na wala na ang kolonisador. Mahalaga sa pagkakataon na ito lalo na sa mga tinatawag na *neocolonization* na laganap sa kasalukuyang lipunan at kultura. Bahagi ng diskurso ng postcolonial ang pagtatakda ng alternatibong mga pananaw at kaisipan laban sa mga kanonikal na mga kaisipang umaayon sa Euro-Amerikanong tradisyon. Hindi naman sinasabi na palibhasa galing sa "kanluran" ay maituturing na agad na "masama," subalit mas mabuting isipin na kinakailangan ang pagiging kritikal sa mga pananaw na ipinapataw sa atin lalo na kung ang mga kaisipang ito ay nagsasantabi ng mga sistemang cultural ng mga kinolonisa. Binanggit ni Legasto:

"Postcolonialism critiques Western hegemony which has legitimized colonialism and has continued to marginalize cultural production/knowledges of colonials and former colonials."[xxxiii]

Mahalaga rin dito ang kaisipan ni Antonio Gramsci na *hegemony*. Para sa kanya, hindi kinakailangan na pinupuwersa ang pagtanggap ukol sa sariling identidad at pagkatao. Sa katunayan, mas lubos na nagiging epektibo kung maluwag na tinatanggap ng tao ang sitwasyon. Dito, tila pinapalabas na ang pusisyon sa lipunan at ang pagpapalakad ng pamunuan ay naturalisado. Isa itong impluwensiyang di-puwersado. Kadalasan, sa kaganapang kultura ang nagiging lunan ng pagtatagpo at tunggalian[xxxiv]. Kasama dito, ayon kay Gramsci, ang paggamit ng sentido kumon ng tao. Dahil sa buong kalooban ang pagtanggap ng tao, mas nagiging mabisa itong pagpapalaganap ng kaisipan at kalagayan. Sa kasalukuyang konteksto, makikita natin na sa natural ang pagturing sa mga iyon kung kaya't, mas lubos pa ring napapanatili ang kontrol ng mga kolonisador dahil sa mga sistemang napasaloob na. Dahil sa kinalimutan nga ang mga ito, hindi ngayon ito nahahamon. Ang usaping postcolonial ay mahalaga bilang paghamon sa gayong nakapaloob na mga sistema. Hinihiling ang mga kritikal na mga lapit sa pagtuligsa, pagkritiko at pagsuri ng sariling kalagayan, bilang bahagi ng usaping postcolonial.

Sa pagtalakay ng postcolonial, isa sa madalas na lumalabas na tema ay ang operasyon ng ***recuperation*** o ang pamamaraan kung saan ay ating naibabalik o nakukuha muli ang dating lakas o kapangyarihan[xxxv]. Dahil sa sinasabi na ang kolonyal na karanasan ay nakapagdulot ng mapaniil at mapanupil na mga sistema sa lipunan, kinakailangang magkaroon ng pagtamo muli ng dating lakas. Halintulad sa isang katawan na nawalan ng lakas matapos ang patuloy na paglalabas ng enerhiya, kinakailangan ang ibayong pagtamo ng lakas, upang maibalik sa dating kalagayan. Gayundin sa kolonyal na karanasan. Ang postcolonial na diskurso ay isang proseso ng rekuperasyon. Bukod pa dito, kung dati ang mga isinasantabi ay binawian ng lakas, ngayon nakikita din ang kinakailangang pagbibigyan ng kapangyarihan. Kapangyarihang itaguyod at ipagpunyagi ang sarili, laban pa rin sa dating sistemang mapanupil. Ang dating nawalan ng boses ay binibigyan ng boses, ang dating isinasantabi ay ibinabalik sa loob, ang dating "othered" ay nagiging bahagi muli ng nakararami[xxxvi]. Samakatuwid, and usaping postcolonial ay isang kinakailangan talakayin sa kung paano nating maaaring ibalik muli ang nawalang kapangyarihan. Isa itong tahasang paghanap ng alternatibong pananaw at isang malay na proseso ng pagtamo ng nararapat na kapangyarihan. Gayunpaman, mas lubos itong nagiging makabuluhan sa mga itinuturing natin na "other".

Kung bubuo man ng diskurso laban sa mga usapin ng homogenisasyon at mapanglahat na pananaw ukol sa identidad, ang rekuperasyon na magaganap ay isang pagtaliwas sa gayong mga kaganapan. Mas titignan, kung gayon, ang identidad hindi bilang "iisang pambansang pagkakakilanlan" bagkus mas uunawain bilang pagsasama-sama ng iba't ibang pagkakakilanlan. Ang pagsama-sama ng identidad, tulad ng mga sangkap sa halo-halo (ang popular na panghimagas), ay may kanya-kanyang particular na katangian, subalit ay nagkakaroon ng sariling buhay at bukod-tangi na karakteristiko kapag naghahalo. Bagaman tila nagiging kailangan ang pagkakaroon ng homogenisasyon ng pagkakakilanlan sa pagbubuo ng isang pambansang identidad, nakikita ngayon sa usapin ng post-colonial ang dinamika ng identidad. Kung dati, ang identidad ay isang hindi nagbabago na entidad, ngayon ito ay isang dinamikong kaganapan. Kung dati-rati, ang identidad ay itinatakda ng isang nakapangyayari na grupo o ng estado, kaiba pa rin ang pag-unawa sa identidad bilang nagmumula sa madla at sa mga particular na kondisyon. Ang bawat isa, sa ngayon, ay nabibigyan ng pagkakataong maihain at maitamasa ang sariling identidad, hindi umaasa sa iisang kapangyraihan o pinagmulan. Kung dati, ang identidad ay nakikita bilang isa, konkreto at nailagak sa isang kinahong depinisyon, ang pagkakakilanlan ay mas mabuting unawain bilang Malaya, hindi estatiko, plural, marami at iba't iba ang maaaring magtakda ng kabuluhan nito. Wika nga ni Roxas-Tope: "*Identity therefore must be regarded as a process rather than an artifact or outcome.*"[xxxvii]

Bukod sa pagkakakilanlan bilang usaping tumitingkad sa nasyonalismo, nagiging mahalaga rin ang diskurso ng kasaysayan at ang historyograpiya. Historyograpiya, o ang pamaraan ng pagsusulat at pagsasalaysay ng mga pangyayari at kaganapan, ay bahagi ng usapin ng kasaysayan. Kung may mga datos ukol sa mga pangyayari ng kasaysayan, mayroon din namang pamamaraan ng naratibo ng gayong mga datos. Bagaman ang mga datos na iyon ay maituturing nating neyutral o obhektibo, ang pagkuwento at pagpapahayag ng mga datos na iyon ay hindi neyutral, bagkus ay may pagkiling. May pagkiling sapagkat sumusunod ang naratibo sa particular na layunin at intensyon ng manunulat. Kung nakikita ng naratibo ang pagbubuo ng bansa bilang lugar ng pakikipagtunggali, madalas na ginagamit ang ganitong sistema sa

pagpapalaganap ng propaganda. Ang kasaysayan, at ang naratibo nito, ay nagagamit ngayon bilang pamamaraan ng kolonisasyon – sa pamamagitan ng pagtanghal sa kasaysayan bilang iisa at mapanglahat. Mayroong nabubuong isang *grand narrative* ng kasaysayan. Tinalakay ni Roxas-Tope:

"By presenting a unitary, 'value-free,' 'scientific' history, the colonizer has been allowed to construct a singular perception of the world, invincible in its objectivity and may be questioned only by more science."[xxxviii]

Tulad ng agham, na dati ay pinapahayag bilang isang "obhektibong' sistema, ang kasaysayan ay ginagamit ng mga kolonisador upang maisantabi ang alinmang bagay na hindi sumusunod sa kanilang sariling mga parametro. Kung kaya't, dahil sa gayong iisang naratibo, tulad sa usapin ng identidad, ay may nagaganap na "othering."

Samakatuwid, sa usaping postcolonial, mahalaga ang usapin ng historyograpiya bilang pamamaraan ng "recuperation" din. Muli, iniiwasan ang hegemonya sa naratibo ng kasaysayan – yaong pinapalaganap ng kolonisador bilang "iisa at obhektibo." Kung dati-rati mas umiigting ang kasaysayan sa mga parametrong itinalaga ang kolonisador, ngayon, hinihingi ang pagbubuo ng ating sariling parametro sa pagtalakay ng kasaysayan. Kung babalikan natin muli ang kahulugan ng katagang 'kasaysayan', mas lubos na binibigyan ng kahalagahan ng konsepto ng 'kabuluhan' o 'saysay.' Maitatanong natin: para kanino nagiging makabuluhan ang kasaysayan? Para ba sa kolonisador o para sa tao mismo sa ginagalawan ng kasaysayang ito? Gayunpaman, ang pagbubuo ng sariling historyograpiya ay isang malay na pamamaraan ng pagdagit ng lakas at kapangyarihan mula sa kolonisador. Ang kasaysayan at historyograpiya ay hindi natin maipagkakailang napakalakas na puwersa na siyang ibibigay lang natin sa iba. Paano nagiging mahalaga ang postcolonial dito? Wika pa rin ni Roxas-Tope: "*Postcolonial discourse shows one way by which the historically disposed can reinscribe himself/ herself into the historical narrative*".[xxxix] Kung kaya't ang dating naisasantabi ay maibabalik na sa naratibong iyon. Mas lubusang binibigyan ng kahalagahan ang mga bagay-bagay na itinuturing na 'may saysay'. Isa rin itong paghamon at pagbasag sa mga 'canon' ng naratibo ng kasaysayan – isang pagbasag sa mga istrukturang hegemonikal. Samakatuwid, isa itong 'recuperation' at 'empowerment'.

# Implikasyon at Patutunguhan: Pagkakakilanlan sa Arkitektura

## Pagbalangkas ng Tanong: Nasyonalismo at ang Ugnayan sa Arkitektura

Hindi maipagkakaila na ang nasyonalismo ay isang mainit pa rin na usapin hanggang ngayon. Sa arkitektura, ang gayong layuning nasyonalismo ay makikita natin sa katanungang "Ano ang arkitekturang Filipino?" Matagal na ngang naihain ang katanungan na iyon, simula pa noong mga ika-60 na dekada, kung saan nanumbalik ang matinding pagmamahal sa sariling bayan, lumakas ang kilusang nasyonalista, at sinimulan ang pagkwestyon ng nananaig na mga pamantayan at kaisipang pinapalaganap ng kolonyang Amerika[xl]. Dahil dito, lumabas din ang matinding pangangailangan na unawain at tuklasin muli ang sariling pagkatao ng mga Filipino, kung kaya't nagkaroon din ng biglaang pananaliksik at pagtuklas ng pagkakakilanlang Filipino.

"The search for cultural roots in order to be able to reconstitute the lines of cultural development: the need to develop a national language that could unify the people; the urgent task to redefine culture from a nationalist perspective – these become the overwhelming concerns of the nationalist movement. At the same time the movement gave birth to cultural forms that addressed relevant political, economic and social issues."[xli]

Identidad at pagkakakilanlan ang nagiging particular na pokus ng mga usapin. Hindi nagkalayo ito sa mga usapin sa arkitektura. Maging sa arkitektura, and mga arkitekto, akademya at mga kritiko ay napasailalim sa masalimuot na talakayan ukol sa identidad sa arkitektura. Nakapaloob sa usaping pagkakakilanlan ay ang layunin din ng kilusang nasyonalista sa arkitektura. Para kay Locsin, isa sa ating *National Artist for Architecture*, ang nasyonalismo sa arkitektura ay ang pagpapamalas ng gayong pambansang pagkakakilanlan. Banggit niya:

"Nationalism in architecture may thus be defined as the expression of national identity through architectural forms as influenced by history and culture. It is also the response to political, economic, social and cultural concerns and needs, a response that provides appropriate structures, expresses values and ideals and endeavors to shape the future."[xlii]

Kung babalikan natin ang tanong na "Ano ang Arkitekturang Filipino" bilang kumakatawan na kaisipan sa usapin ng identidad sa arkitektura, mahihinuha natin ang ilang mga palagay. Ito ay mga hakang nakatago sa likod ng tanong. Ang tanong ay di rin basta-bastang nasasagot gawa ng mga nakakawing pang mga isyu at usapin. Pinapakita rin dito ang nagiging problematisasyon ng mga inihayag na mga palagay.

*Una*, ang identidad sa arkitektura ay nakikita bilang isang depinisyon. Sa paghahanap ng identidad sa arkitektura, ang madalas na ginagamit ay yaong pagkakakilanlan na umaayon sa iisang particular na depinisyon. Maging ang paggamit ng kaisipang depinisyon ay nakapagbibigay ng implikasyon. And depinisyon, na siyang galing sa Ingles na salitang *definition*, ay nagmula sa Latin na kataga, *definere*, o "ang pagtataya ng hangganan.' Sa dahilang pagtatakda ng hangganan ang nagiging pinakadiwa ng "depinisyon," gayundin ang kaisipan sa identidad bilang isang depinisyon: ang identidad ay ang katulad ding pagtatakda ng hangganan. Kung gayon, ang paghahanap ng identidad sa arkitektura ay isang proseso ng paghanap ng gayong hangganan ng identidad. Ang anumang bagay na umaayon sa particular na parametrong inihanay ng isang depinisyon, umaayon ito, samakatuwid, sa identidad na iyon. Halimbawa ay sa kung paano natin iniintindi ang estilo ng renaissance sa Europa, maging ang nagiging kaanyuan nito sa Pilipinas. Sa dahilang ang estilo ng renaissance ay nagbunsod sa iba't ibang ehemplo sa pagdaan ng panahon, ginagamit ang mga particular na elementong makikita sa isang gusaling renaissance bilang palatandaan ng gayong estilo. Yamang ang mga elementong naitakda bilang particular sa estilong renaissance, ang mga mag-aaral na gusto pa ring gumamit ng estilong ito ay maaaring mag-angkin o humalaw simula sa mga elementong iyon at ilagay sa kanilang sariling disenyo. Nagiging mahalaga pa rin ito sa pagsasakategorya ng mga gusali ayon sa estilo. Lumalabas ngayon ang mga bansag sa mga gusali bilang nabibilang sa estilo o anyong "baroque" o dili kaya'y "neo-classic" dahil sa napupunang mga elemento na ginamit ng nagdisenyo. Makikita natin ito madalas sa historyograpiyang arkitektural ayon sa isang *stylistic* na kategorisasyon.

Ano naman ang nagiging problema rito? Nakikita ko ang pagtingin sa identidad bilang isang depinisyon ay siya mismong nakakahadlang sa patuloy pa ring pagtuklas ng sariling pagkakakilanlan. Ang implikasyon ng paglagay sa isang depinisyon ay isang identidad na "frozen" o elado, kung baga. Sa dahilang hinahanap ang isang tiyak, hindi nagbabago at klarong klaro, nagkakaroon ng di-pagkasundo o pagkaugnay na aktuwal sa nagaganap na identidad: isang pagkakakilanlang dinamiko, nagbabago at walang iisang tiyak na katangian. Kung ang hinahanap sa arkitektura ay isang depinisyon, tunay na hindi nga ito matatagpuan sapagkat lubusan pa ring mahihirapan na tukuyin ang isang depinado at tiyak na identidad. Walang tiyak na identidad sa arkitektura, kung kaya't ilusyon pa rin ang paghahanap na iyon.

*Ikalawa*, ***identidad ng Pagkapilipino sa arkitektura ay nakasalalay sa iisang pambansang identidad.*** Tulad din ng nabanggit na, ang paghanap ng identidad ng pagka-Pilipino sa arkitektura ay maitatali natin sa kilusang nasyonalista noong dekada 60. Maiuugnay natin, kung gayon, ang mga nakatagong balakin na ipahayag ang "iisang pambansang identidad" sa pamamagitan ng pagtatalaga ng mga sistemang nagbubuo ng pagkakakilanlan, ay maluwalhating natatanggap ng nakararami, dahil na rin sa ito ay nainaturalista o naituring na "natural" na kaganapan. Ang arkitektura bilang isang konkretong obheto at produkto na nakikita at bahagi ng karanasang pang-araw-araw, maaari itong magsilbing kasangkapan ng pagpapalaganap ng gayong kaisahan. Kaugnay pa rin ng gayong pagnanasang pambansang identidad, ang identidad sa arkitektura bilang "iisa" rin. Hinahangad, maging sa arkitektura, ang isang *homogenized* na identidad.

*Ikatlo*, ***Ang pagkakakilanlan sa arkitekturang Filipino ay nakatuon sa mga "bukod-tangi" na elemento at katangian***. Makikita natin ang hangaring homogenized na identidad sa mga komentaryo at sa madalas nang pagkumpara ng arkitektura sa mga mas "buo" raw na kultura, tulad ng Hapon at Tsina, ang mga "dakilang sibilisasyon", kung saan mas madali raw makita ang particular at kaibang katangian ng kanilang arkitektura. Dahil nga sa paghambing sa gayong "buo" na kultura, nakikita na ang arkitektura natin ay sinasabi na walang identidad, dahil sa walang makitang "buong identidad". Mamamalas natin dito na nakakawing pa rin ang pagtingin sa pagiging "buo at homogenized" na kultura upang magkaroon din ng isang "buo at homogenized" na arkitektura. Madalas gamitin ang kaisipan, halimbawa, ang mga kapuna-punang katangian ng arkitektura bilang batayan ng "buong" identidad. Halimbawa, kapag sinabing Arkitekturang Hapones, madalas na pumapasok sa isipan ang mga elemento ng Torii, ang imahen ng isang Shinto shrine, shoji screens, ang mga tatami mat at iba. Kung Arkitekturang Thai naman, palaging lumilitaw ang mga spires, ang mga lilok na ginto, ang patung-patong na bubong bilang pangunahing at tampok na mga katangian. Hinahanap ang isang "distinct" o "bukod-tangi" na mga elemento, bilang pagtukoy sa pagkakakilanlan. Subalit, makukuha natin sa gayong pagsasakategorya ang kaganapan ng *stereotype*. Sa paglagay ng isang bagay sa stereotype ating inilalagay ang isang bagay o identidad sa isang particular na imahen o kaisipang madaling maproseso at maunawaan[xliii]. Kung kaya't, upang madaling maunawaan at matukoy ang isang arkitekturang

Hapones, madaling natatandaan ang pinaka"diwa" nito dahil sa mga natukoy na mga elemento. Ang nagiging problema nito, tulad sa iba pang pag-stereotype, ang isang bagay ay nailalagay pa rin sa isang estatikong imahen o kaisipan. Hindi napapayagan ang anumang hindi umaayon sa gayong imahen. Kawangis sa arkitekturang Filipino, pilit ding hinahanap ng "likas at katangi-tanging" mga elemento upang madaling matukoy ang pagkaFilipino sa arkitektura, sumasailalim ito ng operasyong pag-stereotype. Kinakailangan daw matukoy rin sa arkitekturang Filipino ang mga elementong ito, upang masabi na mayroon din tayong "buong" pagkakakilanlan. Dahil nga sa hindi ito ang katotohanan at ang tunay na kaganapan, nahihirapan tuloy makahanap ng particular at katangi-tanging mga elemento sa kondisyong Pilipinas, kung kaya't sinasabi na wala raw tayong "dakilang tradisyon sa arkitektura". Kung wala bang kakaiba at katangi-tanging mga elemento ang arkitektura natin, wala na ba tayong maituturing na Filipino sa ating arkitektura? Nakaangkla pa rin ang konsepto ng "pagkakaiba" sa ibang kultura bilang pundamental na operasyon ng pagtatakda ng sariling pagkakakilanlan, tulad ng nabanggit na rin sa una.

Kaugnay ng bukod-tanging katangian bilang pangangailangan ng isang kakaibang identidad, nakikita rin ang paggamit ng katutubong simulain bilang awtentiko/ genuine na Filipino arkitektura. Sa dahilang "distinct" at kakaiba ang pilit na hinahanap, nakikita ang pagbalik sa katutubo/ indigenous bilang tanging solusyon sa katanungan ng identidad. Ang pagtingin sa "katutubo," tulad sa pagwika ni Arnold Azurin ng isang kultura na "puro at walang bahid" ay isang *reductionist approach*: isang lapit kung saan ay ating pinapapayak ang identidad sa iisang simpleng depinisyon o diwa/essence[xliv]. Halimbawa ng ganitong pananaw ay ang pagbanggit ni Danilo Lichauco sa kanyang papel "*A Comparative Analysis of Western and Philippine Spatial System*" [1995]. Aniya:

"In terms of the creation of a Philippine Architectural Style, it is important to consider the origins, in this case the bahay kubo. The development of a style should be based on the transformation of the origins." [p.8]

Kung gayon, kinakailangan daw na ang "orihinal" na katutubong arkitekturang Filipino ang gamiting batayan upang masabi natin na ang ginawang arkitektura ay Filipino. Iba bang sabihin, na palibhasa gumamit tayo ng *panolong* (na mula sa grupong Maranaw) ay arkitekturang Filipino na iyon? Ano nga ba ang maituturing nating "orihinal"?

*Ikaapat,* ***Ang pagtamo ng "Arkitekturang Filipino" ay nakaugat sa usapin ng "Pagkakakilanlang Filipino/ pagka-Filipino"***. Upang masagot natin ang katanungang "Ano ang Arkitekturang Filipino?," haharapin muna natin ang katanungang "Ano ang Pagka-Filipino" o "Paano natin maituturing ang isang bagay ay Filipino?". Samakatuwid nakakawing at nakatali ang usapin ng identidad sa arkitektura. Ang tanong na "Ano ang Arkitekturang Filipino?" ay isang masalimuot na tanong. Puno at mayaman sa iba pang mga isyu at usapin na kailangang salain at usisain bago pa man ito ay mabigyan ng sagot. Pinapahayag ng tanong na iyon ang masalimuot na tanong. Pinapahayag ng tanong na iyon ang masalimuot na talakayin ng identidad ng Filipino. Hindi natin din ito basta-basta masasagot kung titingnan din natin ang pagka-Filipino bilang isang depinisyon. Bukod pa dito, ang katugunan sa "Pagka-Pilipino" ay isa pa ring proseso na nagbabago sa panahon at pumapasailalim sa isang proseso ng transpormasyon. Kung kaya't, ang usaping identidad ay nakakawing sa kontekstong sosyohistorikal na ginagalawan ng gayong identidad. Samakatuwid, tumataliwas na tayo sa kaisipan ng pagka-Filipino bilang isang "diwa o essence" na hindi nagbabago at matatagpuan sa ilalim ng lahat na itinuturing nating Filipino. Banggit ni Priscelina Patajo-Legasto:

"Filipino-ness or the cultural identity of the Filipinos is conventionally associated with the rhetoric of traditional politicos, nationalistas and academics. This rhetoric of Filipino-ness assumes the existence of an essential Filipino belonging to a homogenous Filipino community, belonging to one Filipino nation."[xlv]

Bilang pamalit na kaisipan sa identidad ng Filipino bilang isang "essence", kanyang hinahalinhin ang kaisipan ng identidad at yaong pagkaugnay sa bansa, ay bunga ng mga kaganapang cultural at iba't ibang *cultural practices* tulad ng teatro, sining at mass communication[xlvi]. Pagpapalawak ng identidad ayon na rin sa mga bagay-bagay na kadalasan nating itinututuring nasa labas ng "karaniwang" pagkakaunawa ng identidad.

## Paghalinhin ng Balangkas: Postcolonial na Simulain

Dahil na nga sa mga ipinahayag na mga naunang punto ukol sa mga nakatagong palagay at haka

ukol sa tanong na "Ano ang Arkitekturang Filipino", hindi rin lang sapat ang pagsiwalat na iyon. Bukod-tangi pa rin ang ating makikitang suliranin na lumalabas. Kung baga, hindi lang din gayon kasimple ang magiging sagot kung ating pipilitin na bigyan lunas ang mga isyung ipinahayag. Maaari rin nating ipakita ang iba't ibang aspeto ng pagbabago, o ang mga posibleng transpormasyon ng usapin. Isa itong pagbabago mismo ng batayang kaisipan na ating ginagamit sa pagtanong ukol sa kaganapan ng arkitekturang Filipino.

*Una*, ***Mula sa identidad bilang isang produckto o obheto tungo sa pagkakakilanlan bilang isang proseso at dinamikang kaganapan***. Hindi na natin titingnan ang identidad bilang isang estatikong kaganapan, bagkus ay uunawain natin isang proseso ito. Lubos na mas mapagpalaya, maunawain at bukas sa samu't saring kaanyuan at kaibahan ng pagkakakilanlan pang maisama natin bilang identidad ng Filipino. Bilang proseso, kinikilala natin ang identidad na hindi isang *end product* o siyang kahahantungang produkto, datapwat ay isang pagbabagong-anyo, isang kaganapan na patuloy pa ring nagbabago.

*Ikalawa*, ***Mula sa identidad na nagmumula sa itaas, tungo sa isang pambansang pagkakakilanlang nagmumula sa nakararami.*** Ang pambansang identidad, na noong una ay sumusunod sa programa ng pamahalaan upang ipalaganap ang ideolohiyang pinili ng gobyerno, ay ngayon binabago bilang isang tunay na artikulasyon ng pambansang hangarin. Pambansa, nangangahulugang buong bansa. Ang pagturing sa buong bansa ay isang pagkilala sa lahat na aspekto at bahagi ng bansa. Ibig sabihin din nito, ang pambansang identidad ay hindi dapat nanggagaling sa isang maliit na piling grupo, hindi mula sa *elite* lamang. Kinakailangang magmumula ito sa nakararami. Wika ni Alice Guillermo:

"In order to recuperate the concept, national identity must be articulated into the people's discourse and be aligned with their interests.... Furthermore in its revolutionary meaning, the national idenitity which is not a petrified concept is linked up with a large project of social change. Thus it has a class articulation, as it aligns itself with the interests and causes of the majority of the Filipinos who constitute the working class and the peasantry."[xlvii]

Pagbabago pa rin ang nakikitang pangyayari mula sa isang elitistang pananaw tungo sa isang demokratikong pakakahulugan ng nasyonalismo. Sa pamamagitan ng identidad na tunay na kumakatawan sa mayorya, ang nasyonalismo, kung gayon, ay binabago bilang isang pagpapayaman at pagpupunyagi ng adhikain ng nakararami.

*Ikatlo*, ***Mula sa identidad sa arkitektura bilang mga "katangi-tangi" na mga elemento at katangian tungo sa pagkakakilanlan sa arkitektura na tumutukoy sa mga kontekstong Filipino.*** Tataliwas na rin tayo sa pagkatumbas ng identidad sa arkitektura bilang "bukod-tangi / distinct" na mga elemento at katangian. Samakatuwid, mas uunawain natin ang pagkaiba ng isang arkitektura, hindi dahil sa mga panlabas na kaanyuan lamang nito, kundi ay mas kumikiling sa particular na proseso ng pagbabago at pakikibagay ng arkitektura sa kontekstong kinapapalooban nito. Gayunpaman, ang arkitekturang Filipino ay hindi nakatali sa pagkakaroon ng kakaibang elementong panlabas, bagkus ay nakaugnay sa mga espesipikong kondisyon ng karanasang Filipino. Mga karanasang umuusbong sa mga particular na kondisyong pisikal, ekonomikal, political, sosyo-kultural ng Pilipinas at ng mga Filipino.

*Ikaapat*, ***Mula sa identidad na homogenized at iisa, tungo sa identidad na hybrid, iba't iba, magkasalikop at magkadaop.*** Bilang alternatibong kritikal nalapit sa isang identidad na iisa at homogenized, ipinapalit na kaisipan ng *hybridity* sa kultura at pagkakakilanlan. Ang konsepto ng hybridity ay nagmumula sa teknikal na depinisyon ng pagsasanib at pagtatagpo ang dalawang uri ng species[xlviii]. Subalit sa diskursong postcolonial, inangkin ngayon ang hybridity bilang paghamon sa mga operasyon ng *essentialism* at mapanglahat na mga lapit: "*Hybridity resists essentialism by recovering and reinscribing previously suppresses voices and by encouraging new and unlikely combinations of cultural forms.*"[xlix]. Kung dati-rati, pilit na hinahanap ang isang "puro" at "orihinal" na pagkakakilanlan, binubuwag na ito at inuunawa na ang identidad bilang isang proseso na hindi pa tapos at buo[l]. Kung uunawain din natin ang kultura bilang isang kaganapang *hybrid*, kung gayon, tinatanggap na rin natin ang mga pagtatagpo ng mga kultura. Samakatuwid, ang kulturang Filipino ay hindi na nakikita bilang isang purong katutubong kulturang "nabahiran" ng dayuhang kultura, bagkus ay mas mabuting tingnan bilang kultura na nagiging lunan ng pagtatagpo ng iba't ibang kultura. Madalas na nga nating madinig na ang Pilipinas, ay isang katunayan, bibubuo ng napakaraming kultura. Mas tumitingkad, kung gayon ngayon ang

kahalagahan ng pagkilala ng gayong *diversity* ng kulturang Filipino.

Katulad sa kontekstong arkitektural, ang arkitekturang Filipino ay gayong pagkilala rin ng pagkakaiba at pagsasanib ng kultura. Ang arkitekturang Filipino, ayon sa mga nabanggit na pag-unawa, ay maaaring intindihin bilang pagdadaop din ng iba't ibang kaganapang cultural. Ang arkitekturang Filipino ay hindi lamang yaong tumutukoy sa katutubo. Ang samu't saring katugunan at ekspresyong arkitektural ng Filipino sa pagdaan ng panahon ay bahagi ng kabuuan ng itinuturing nating Arkitekturang Filipino.

## Paghulma ng Ibayong Tanong: Arkitekturang Filipino sa Panghinaharap

Dahil na rin sa mga ipinapahayag na pagbabagong-anyo ng mga batayang kaisipan, bumubukal ang mga panibagong alternatibo sa pamamaraan ng paglinang ng arkitekturang Filipino. *Paano natin bubuin ang tanong na "ano ang arkitekturang Filipino?" tungo sa ibayong katanungan?*

Pinaniwalaan ng papel na ito na may kinakailangang pagbatas mula sa dating nakasanayang tinatanong. Sinasabi rito na kailangan tayong magkabit ng mga panibagong tanong sa lumang tanong. Mahalaga pa ring tuklasin ang sagot sa "ano ang arkitekturang Filipino?", subalit ipinapanukala dito na maari nating tanungin din ang isyu na "ano ang tutunguhin ng arkitekturang Filipino?" Ibig sabihin nito, kailangan na nating umusad maging sa pagtatanong. Sa dahilang dinamika ang pagtingin sa pagkakakilanlan, gayundin ang magiging pananaw sa hinahangad nating identidad. Hindi natin maipapako ang pagkakakilanlan sa iisang panahon, kung kaya't isang *continuum* din ang magiging pagtingin sa arkitekturang Filipino. Iisa itong patuloy na proseso ng transpormasyon at pagtatagpo. Samakatuwid, kailangan nating patuloy na tuklasin ang mga potensyal at posibleng landasin na maaaring tahakin sa arkitekturang Filipino. Kinakailangan ang isang malay na pagtuklas. Kinakailangan ang pagtutulungan at partisipasyon ng lahat upang tayo ay makaabot sa inaasam nating kahihinatnan. *Ang arkitekturang Filipino ay kailangang mabigyan ng pagkakataong lumago at malinang.* Kailangang umusad ang pananaw sa arkitektura. Kailangang maging malayuan ang pagtanaw sa arkitektura: matayog ang ihahayag na mga hangarin at magpupunyagi na maabot ang mga ito. Ang lahat ay bahagi ng pagbubuo ng ating kapaligiran, kung kaya't nasa ating mga kamay ang pagbubuo ng arkitektura. Ang lahat ng ating mga lapit at pamamaraan ng pagbubuo ng arkitektura ay kinikilala bilang mga lehitimong paraan ng pagbubuo. Ang arkitekturang Filipino ay kailangang unawain din sa ating mga sariling mga pamantayan. Bahagi ng paglago ng arkitektura ay ang pagbalangkas ng mga pamantayang nararapat para sa atin. Kung kaya't, ang arkitekturang Filipino ay kinakailangang sumailalim sa patuloy na pagkilatis. Sa panghinaharap, ang nakikitang arkitektura ay yaong may kabuluhan para sa ating mga Filipino. Samakatuwid, sa pagtanong ng patutunguhan ng arkitekturang Filipino, kailangan din nating sagutin kung ano ang mahalaga at may kabuluhan para sa atin. Kung gayon, huwag na tayong magpapatali sa katanungang "ano ang arkitekturang Filipino" bagkus ay lakipan natin pa ito ng ibayong mga katanungan na "ano ang potensyal ng arkitekturang Filipino sa panghinaharap?" at ang kaisipan na "ano ang mahalaga at may kabuluhan sa ating mga Filipino?". Sa pagpapalawak ng ating mga pamantayan, ating napapalago at napapayabong ang sarili nating kabihasnan tungo sa ating pagharap sa mga pagsubok ng panahon at ng realidad.

## Paglalagom

Ipinahayag na rin ng papel na ito ang pagtatagpo ng nasyonalismo at pagkakakilanlan sa arkitekturang Filipino. Ang nasyonalismo, bilang pagtuklas ng identidad, ay nakapaloob sa kung paano din natin titingnan ang kasaysayang arkitektural. Sa pamamagitan ng usaping postcolonial, ating kinikilala ang mga operasyon ng rekuperasyon, pagliligtas at pagdagit ng kapangyarihan bilang mga lapit sa usapin ng nasyonalismo. Tumitingkad ang konsepto ng *hybridity* bilang kritikal na pag-unawa sa kultura at pagkakakilanlan. Kaalinsabay nito, kinikilala na rin ang kasaysayang arkitektural bilang lunan ng gayong rekuperasyon.

Mula pa rin sa gayong mga katotohanan, ang arkitekturang Filipino, at tinitingnan na rin sa ibayong pananaw at kaisipan. Nagkakaroon ng paglipat mula sa arkitekturang Filipino bilang isang produkto lamang tungo sa isang proseso na patuloy pa rin gumagalaw. Kaakibat din dito ang arkitekturang Filipino, hindi lamang bilang huling produkto, bagkus ay isang *continuum*, kung kaya't patuloy pa rin ang pagbabago at ang pagtuklas dito. Samakatuwid, hindi pa rin tapos

ang laban. Ang arkitekturang Filipino ay iniisip din ngayon hindi lamang bilang pagtamo ng isang estilo kundi ay mas marapat na tingnan bilang dinamikang pagtuklas ng identidad ayon na rin sa mga kaganapan ng pagtatagpo, pamamagitan at pagbabagong-anyo. Hindi rin ito isang pasibo at neyutral na kaban bagkus ay isang subhektibong penomenon na nakikibahagi sa mga kaganapan at impluwensiya. Hindi rin ito isang obhetong pasibo na tumatanggap ng kung anu-anong impluwensiya, bagkus ay lunan ng transpormasyon. Gayunpaman, ang pag-unawa sa Arkitekturang Filipino bilang dinamikang penomenon ay isang malay na pagpapayabong ng pag-unawa sa kapaligirang ginagalawan natin. Sa dahilang ang Arkitekturang Filipino ay binubuo nating lahat na mga Filipino, lahat tayo ay bahagi sa pagbubuo ng ating sariling kapaligiran at kinabukasan. Hindi natin maipagkakaila, samakatuwid, ang pamamaraan na ang Arkitekturang Filipino ay marapat na magsisilbing lunan ng karanasan, daluyan ng kalayaan at instrumento ng pagbabago sa ating Inang Bayan.

Mula sa isang mapaniil at mapanupil sa pananaw, ang arkitektura ay ating inililigtas mula sa pagkatanikala nito sa kamangmangan at panlilinlang tungo sa isang kritikal at mapagpalaya ng kaganapan. Ang arkitekturang Filipino ay hindi dapat piliting abutin at buuin. Ang arkitekturang Filipino ay kusang magaganap na lamang.

## Endnotes

[i] Leandro V. Locsin, Sipi mula sa “Nationalism in Architecture,” 1993.

[ii]Abueva, 1998, p.800.

[iii] Ibid.

[iv] Ibid.

[v] Roxas-Tope 1998; p.14.

[vi] Connor, 1994.

[vii] Roxas-Tope 1998: p.14.

[viii] Kamenka 1973: p.16.

[ix] Agoncillo, 1974.

[x] Connor, 1994: p.36.

[xi] Ibid.

[xii] Weber, 1948: 171-179.

[xiii] 1973: p.57-61.

[xiv] Alter 1985, p.10.

[xv] Columbis & Wolfe 1990; p.60.

[xvi] Hutchinson, 1994: p.122.

[xvii] Ibid.

[xviii] Abueva, 1999: p.800-802.

[xix] Hutchinson 1994: p.5-6.

[xx] Roxas-Tope, 1998: p.20-21.

[xxi] ibid., p.22.

[xxii] ibid., p.23.

[xxiii] Gellner, 1983 in Hutchinson & Smith; p. 65.

[xxiv] Roxas-Tope, 1998: p.26.

[xxv] ibid.

[xxvi] Maceda 1986.

[xxvii] PIA Journal 1966.

[xxviii] Legasto 1998: p.xvi.

[xxix] Maceda, 1986.

[xxx] Said, 1978.

[xxxi] Loomba, 1998, p. 7.

[xxxii] Ibid., p.12.

[xxxiii] Legasto, 1993: p.6-7.

[xxxiv] Childs & Williams, 1997: p.231.

[xxxv] Roxas-Tope, 1998: p.31.

[xxxvi] Ibid.: p.39.

[xxxvii] Ibid., p.213.

[xxxviii] Roxas-Tope, 1998: p.118.

[xxxix] Ibid., p.37.

[xl] Maceda: 1986.

[xli] Ibid.

[xlii] Locsin, 1993.

[xliii] Loomba, 1998: p.59.

[xliv] Azurin 1995: p.11-19.

[xlv] Priscelina Patajo-Legasto, 1998: p.xv.

[xlvi] ibid.

[xlvii] Guillermo, 1999: p.12.

[xlviii] Loomba, 1998: p.173.

[xlix] Roxas-Tope, 1998: p.212.

[l] Ibid.